



Iba pang mga benepisyo para sa mga magsasaka:

- *Ayuda sa Presyo (BRO-ASAP)*
- *Loan Assistance (BRO-LAMFP)*
- *Paneguro Sa Pananim (BRO-PSP)*
- *Livelihood Program (BRO-Livelihood)*
- *Healthcare (BRO-Healthcare)*
- *Animal Dispersal (BRO-Paiwi)*
- *Philhealth (BRO-PH M)*
- *Life & Accident Insurance (BRO-Insurance)*
- *SSS Insurance (BRO-SSS M)*
- *BRO for Education (BRO-ED)*
- *Housing Program (BRO-PAG-IBIG)*
- *BRO LUSOG*



**PARA SA KARAGDAGANG KAALAMAN
TUNGKOL SA PROGRAMA AY SANGGUNIIN
ANG MGA SUMUSUNOD:**

JESSIE JAMES P. GERONIMO
Provincial Information Office
CP#09054902007

MANUEL S. ACIERTO
Office of the Provincial HealthCare
CP#09274294950

DANILO B. TUMAMAO
Office of the Provincial Agriculturist
CP#09172412231

DR. ANGELO C. NAUI
Office of the Provincial Veterinarian
CP#09178894603

MS. LILIA CASTILLO
Provincial Cooperative Development Office
CP#09158608020

ALL BRO PERSONNEL
Tel/Fax#078-323-2598

**PARA SA MGA KATANUNGAN,
TUMAWAG O MAG-TEXT SA
CP # 0917-809-3178**



Republic of the Philippines
PROVINCE OF ISABELA
City of Ilagan



**Loan Assistance
for Marginalized
Farmers Program
(BRO-LAMFP)**



BRO LOAN ASSISTANCE FOR MARGINALIZED FARMERS

Inihalintulad sa isang ilaw, ang BRO-LAMFP ay isang komprehensibong programa na alay ng samahang Dy-Albano na may layon na mapasulong ang uri ng buhay at pataasin ang dangal ng mga maliliit na magsasaka at mga manggagawa sa sektor ng magsasaka sa Lalawigan ng Isabela.

Ang mga kaagapay na programa ng BRO-LAMFP ay inihahambing sa mga sinag na bawat isa ay naghahatid ng pagbabago sa malilit at manggagawang magsasaka tungo sa isang matibay na pag-asa at maliwanag na bukas para sa sarili at ng kaniyang buong sambahayan.

Ang mga maliliit at mga manggagawang magsasaka ay malaking bahagi na lumilining at naghahatid ng tuloy-tuloy at masaganang pagkain sa mga mamamayan ng Isabela pati ng buong bansa sa kabila ng mga hirap na kanilang dinaranas dahil sa mga kalamidad na dulot ng panahon at ng pandaigdigang kaguluhan at paghihikahos sa ekonomiya.

Sa taya ng Opisina ng Kagawaran ng Pagsasaka sa Lalawigan ng Isabela, may humigit - kumulang na limampung porsiyento (50%) ng isang daan at walumpung libo (180,000) na magsasaka ng palay at mais at mahigit-kumulang sa apatnapung porsiyento (40%) ng mga maggagawang magsasaka ang nasa Isabela. Lubhang napakarami nitong sektor na nangangailangan ng matamang atensiyon at suporta.

Ito ang pangunahing dahilan na ang tambalang Dy- Albano ay naglunsad ng programa para sa maliliit at manggagawang magsasaka upang patibayin at suportahan ang kanilang sigasig na ipagpatuloy ang pagpapaangat ng produksiyon ng mga pangunahing

pagkain na sadyang kailangan sa pangkalahatang katahimikan.

Sa pamamagitan ng BRO-LAMFP ay matutukoy at mailalapat ang mga nararapat na kaagapay na tulong o suporta para sa kabuuang pangangailangan sa mabilis na pagsulong ng bawat maliliit at manggagawang magsasaka.

MGA NAKAPALOOB NA BENEPISYO

Pangunahing benepisyo:

- Pahiram na puhunang gamit upang mapataas ang ani ng palay o mais sa halagang PhP 3,000 sa panahon ng tag-ulan o PhP 4,000.00 sa panahon ng tag-init kada ektarya.
- Pag alis ng interes sa puhunang hiram (interest free)

Karagdagang Benepisyo:

- Pagbibigay ng ayuda sa presyo o dagdag presyo na PhP4.00 sa palay o PhP2.50 sa mais kada kilo na maitinda sa NFA.
- Pagbibigay ng Pantawid Pamasaha sa halagang P0.50 kada kilo ng palay o mais na maibenta sa NFA.
- Kabuuang PhP4.50 dagdag presyo sa produktong palay at PhP3.00 sa mais
- Pagbibigay ng libreng seguro sa pananim

SINO ANG KASALI SA PROGRAMA?

Ang mga magsasaka na nagmamay-ari ng ¼ hanggang 1.0 ektarya lamang ang kuwalipikado sa programa. Siguruhin na ang pangalan ay nakasali o kasama sa talaan o General Masterlist of Small Farmers sa Opisina ng Municipal Agriculturist sa inyong bayan na isinumiti sa BRO-Farmers Assistance Program Office (BRO-FAPO) o sa Provincial Agriculture Office (OPA).

PAANO MAKAKASALI SA PROGRAMA?

Maghanda at magfile ng “Loan Application” sa opisina ng inyong Municipal Agriculturist Office (MAO) na kanilang isusumite kaagad sa BRO-FAPO/OPA para sa kaukulang repaso at proseso ng inyong magiging puhunang hiram o loan.

MGA KAAGAPAY NA PROGRAMA AT BENEPISYO NA IBIBIGAY SA MGA KUWALIPIKADONG MAGSASAKA SA ILALIM NG BRO FOR AGRICULTURE

Ang mga kaagapay na programa na maaring ipagkaloob sa mga kuwalipikadong maliliit na magsasaka ay uuriin base sa mga tala na nakalahad sa inyong “Loan Application Form”.